Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Bahagi ng Pangungusap

I. **Panuto:** Sumipi sa bawat talata ng tig-isang pangungusap na nagpapakita ng simuno o paksa at panaguri ilagay sa nakalaang patlang. Ikahon ang simuno o paksa at salungguhitan ang panaguri.

**Diwang Makabayan o Nasyonalismo**

1. Kakambal na ng nasyonalismo ang pagsasakripisyo. Noon pa man ay may mga Andres Bonifacio at Jose Rizal nang nagsakripisyo, lumaban, at nasawi para sa ating Inang Bayan. Ano nga ba talaga ang nasyonalismo?

______________________________________________________________________

2. Ang nasyon (o bansa) ay ang salitang-ugat ng nasyonalismo o diwang makabayan. Ito ay damdamin o pagmamahal sa sariling bansa. Nagsimulang mabuo ang nasyonalismong Pilipino nang patayin ang GOMBURZA. Ang lagablab ng apoysa puso ng bayan ay nagbunga ng paglaya ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898. Ito ay hindi lamang sumasaklaw sa pagkamit ng kontrol sa lupain at teritoryo ng bansa, kundi sa lahat ng karapatan ng mga mamamayan nito, lalo na ang karapatang mamuhay nang malaya, marangal, at masaya.

______________________________________________________________________

3. Hindi naging madali ang pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas. Ito ay ipinaglaban ng mga mamamayan noon at ang ilan sa kanila ay kinilala nating mga bayani tulad nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, at iba pa. Ngunit ang mga ipinaglaban nila noon ay agad na niyurakan ng mga sumunod na mananakop—ang Estados Unidos at Hapon. Hindi nagpatinag ang mga Pilipino. Muling nakipaglaban ang maraming mamamayan. May mga lumitaw muli na mga bayani, tulad nina Macario Sakay at iba pa.

______________________________________________________________________

4. Ibig sabihin, ang pagpapatuloy sa mga ipinaglaban ng mga bayani ay tanda ng marubdob na pagmamahal sa bayan. Ngunit, sa panahon ngayon, paano natin masasabing may marubdob din tayong pagmamahal sa ating bayan?

______________________________________________________________________

5. Bilang bata, maaari mong lawakan ang iyong pananaw. Ang matalinong pagsusuri tungo sa kamulatan at tamang pakikisangkot sa mga nangyayari sa bansa ay ang umpisa ng nasyonalismo. Ang tamang pagtatanggol at pakikipaglaban sa mga tumatapak sa karapatan ng tao at pagiging isang Pilipino ay kasunod na nito. Mararamdaman mo na may mataas kang pagpapahalaga sa kapuwa Pilipino at marubdob na pagmamahal para sa bayan.

______________________________________________________________________

6. Ang matalinong pagsusuri, tamang pakikisangkot, at mapayapang pagtatanggol at pakikipaglaban ay katumbas ng pagmamahal. Dito sumisibol ang nasyonalismo. Hindi lamang sa pagtangkilik sa mga produkto at kulturang Pilipino.

______________________________________________________________________

**II. Panuto:** Ikahon ang simuno o paksa at salungguhitan ang panaguri.

1. Ang Pilipinas ay bansang pinagpala.
2. Ang mabuting lider ng bansa ay may pagsasaalang-alang sa kaniyang mga nasasakupan.
3. Ito ang dapat nating gawin.
4. Ang paglilingkod at pagmamahal sa bayan ay dapat maisip ng lahat.
5. Bukas, uunlad rin tayo.